SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 3/15/24 Time: 11:45

# KAPASIYAHAN BLG. 2024-51

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT LUMAGDA SA *MEMORANDUM OF AGREEMENT* (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT – FIELD OFFICE III NA NAUUKOL SA PPA's FOR POVERTY REDUCTION PROGRAMS AND SOCIAL PROTECTION PROGRAMS NA MAGBIBIGAY NG BENEPISYO SA MAMAMAYANG BUSTOSENYO."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Phillip Wryner B. Santos**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Kagalingan at Serbisyong Panlipunan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Department of Social Welfare and Development – Field Office III;

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay ukol sa PPA's for Poverty Reduction Programs and Social Protection Programs na naglalayong mabigyan ng tulong ang mga mamamayan na nabibilang sa mahirap, mahina at may kakulangan sa buhay na mai-angat ang kanilang antas ng pamumuhay para sa kanilang maganda at maayos na pamumuhay;

**SAPAGKA'T,** sa masusing pag-aaral ng Lupon sa Kagalingan at Serbisyong Panlipunan ay napatunayang ang kasunduang ito ay higit na makakatulong upang magbigay ng benepisyo sa mamamayan lalo na sa mga higit na nangangailangan ng ayuda mula sa Pamahalaang Bayan ng Bustos.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. PHILLIP WRYNER B. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos at lumagda sa memorandum of agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Department of Social Welfare and Development – Field Office III na nauukol sa PPA's for Poverty Reduction Programs and Social Protection Programs.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-11 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo P. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Fortunato SJ. Angeles**
ABC President

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-11 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim